



## Ang Diyos na Mapagpalaya

(Pambungad na Panalangin)

### I. ANG TATLONG PAGBASA

UNANG PAGBASA (Jer 31:7-9)

*Ang Panawagang Magalak*

<sup>7</sup>ITO ang sinasabi ng Panginoon: “Umawit kayo sa kagalakan alang-alang kay Jacob, ipagbunyi ninyo ang pinakadakilang bansa;

*Ang mga Kadahilanan*

magpuri kayo at inyong ipahayag na iniligtas ng Panginoon ang kanyang bayan, ang mga nalabi sa Israel. <sup>8</sup>Narito, sila’y ibabalik ko mula sa hilaga; titipunin ko sila mula sa mga sulok ng sanlibutan, kasama ang mga bulag at mga pilay, ang mga inang may pasusuhin, pati yaong malapit nang manganak; sila’y talagang napakarami!

*Ang Trahedya*

<sup>9</sup>Uuwi silang nag-iiyakan habang daan,


*Ang Pagpapaghinawa*

nananalangin samantalang inaakay ko. Dadalhin ko sila sa mga bukal ng tubig, pararaanin sa maayos na landas upang hindi sila madapa. Pagkat ang Israel ay para kong anak, at si Efraim ang aking panganay.”

Tema: **Magalak**

PAGPAPALIWANAG

• Sa b.7 gamit ang magkakapares na salita



(umawit sa kagalakan//ipagbunyi//magpuri) tinatawagan ang lahat na magalak.

- Ipinapahayag din ng b.7 ang dahilan ng kagalakang ito: iniligtas ng Poon ang kanyang bayan.
- Matatagpuan naman sa b.8 ang pangako ng Diyos: sila’y ibabalik ko; titipunin ko sila; uuwi sila.
- Ipinapaalala ng b.9a ang trahedya ng pagkakatapon ng bayang Israel sa Babilonia.
- Sa ikalawang bahagi naman nito (b.9b) ,itinutuloy ang pagpapahayag ng pangako ng Diyos: aakayin ko sila; gagabayan ko sila; dadalhin ko sila.
- Ipinapakilala ng b.9c kung sino ang nagsasalita: ang Diyos, ang Ama ng Israel.

KARAGDAGANG PAGPAPALIWANAG:

• Ang mga propesiya ni Jeremias ay kanyang

inilahad bago maganap at habang nagaganap ang pagkakatapon sa Babilonia.

- Napakatindi ng sakit na naidulot ng pagkakatapon sa Babilonia para kay Jeremias at sa mga relihiyosong Israelitang labis ang pagmamahal sa Lungsod ng Jerusalem.
- Isa itong trahedya: natigil ang pagsamba sa Templo; natigil ang komersyo at pang-araw-araw na pamumuhay; napahiya sa harap ng lahat ng mga bansa ang mga Israelitang ipinagmamalaki ang kanilang Diyos na “kumakalinga” sa kanila, para bagang hindi sapat ang “kapangyarihan” ng Makapangyarihang naninirahan sa Templo.
- Ang panahong ito’y panahon ng pagsisiyasat sa sarili.
- Ang tekstong ito ay para sa mga taong naghahanap ng paliwanag at kaligtasan. Sa pamamagitan ng propeta, nagbibigay ng pag-asa at kaginhawaan ang Diyos.
- Minamahal pa rin ng Diyos ang kanyang bayang Israel. Ibabalik niya sila sa kung saan sila tunay na nabibilang.

## PAGNINILAY

‘Di tayo dapat magpakasiguradong ang lahat ay mananatiling maayos dahil lamang ang Diyos ay nasa piling natin at ang kanyang templo’y matayog na nakatayo. Nakadepende rin ito sa ilang mga bagay.

‘Di tayo makatitiyak ng kaligtasan bagamat narito ang presensya ng Diyos at ng kanyang templo kung ‘di naman tayo nakikinig sa kanyang tinig na nagsasalita sa pamamagitan ng mga propeta.

Noong nagbabadya pa lamang ang paparating na sakuna (pagsalakay ng mga taga-Babilonia), masyado nang bihasa sa laro ng pulitika ang mga Israelita kaya naman mas nagtiwala sila sa kanilang mga sarili at humingi ng tulong mula sa mga taga-Ehipto sa halip na sa Diyos.

Sa panahon ng kaguluhan at kalituhan, kanino tayo lumalapit? Kanino tayo nagtiwala?

Ngunit sa mga panahong tayo’y nakalilimot na magtiwala sa Diyos at sa gayo’y

“naparurusahan” dahil dito, tinatawagan pa rin tayo ng pagbasa na magtiwala sa pangako at mga salita ng Diyos na nagbibigay-aliw sa gitna ng paghihirap:

Ibabalik tayo ng Diyos sa kung saan tayo tunay na nabibilang... aakayin niya tayo... gagabayan niya tayo... ang Diyos ay ang Diyos ng kaligtasan; isang mapagmahal na Ama sa kanyang mga anak (ang kanyang panganay).

## SALMONG TUGUNAN (Slm 125)

### GAWA NG D’YOS AY DAKILA KAYA TAYO’Y NATUTUWA.

## IKALAWANG PAGBASA (Heb 5:1-6)

### *Ang Punong Saserdote sa Lumang Tipan*

<sup>1</sup>ANG BAWAT dakilang saserdote’y pinili sa mga tao at itinalagang maglingkod sa Diyos para sa kanila upang maghandog ng mga kaloob at mga hain dahil sa mga kasalanan. <sup>2</sup>Mahinahon niyang napapakitunguhan ang mga mangmang at naliligaw ng landas, sapagkat siya’y mahina rin. <sup>3</sup>At dahil sa kanyang kahinaan, kinakailangang siya’y maghandog ng hain, hindi lamang para sa kasalanan ng mga tao kundi para sa kasalanan din niya. <sup>4</sup>Ang karangalan ng pagiging dakilang saserdote ay hindi maaaring kamtan ninuman sa kanyang sariling kagustuhan. Ang Diyos ang humihirang sa kanya, tulad ng pagkahirang kay Aaron.

### *Ang pagka-Punong Saserdote ni Kristo*

<sup>5</sup>Gayon din naman, hindi si Kristo ang nagtaas ng kanyang sarili sa pagiging dakilang saserdote. Siya’y hinirang ng Diyos na nagsabi sa kanya, “Ikaw ang aking Anak, Ako ang iyong Ama.” <sup>6</sup>Sinasabi rin niya sa ibang bahagi ng Kasulatan, “Ikaw ay saserdote magpakailanman ayon sa pagkasaserdote ni Melkisedec.”

Tema: **Ang Pagiging Punong Saserdote**

**(ni Kristo)**

### **PAGPAPALIWANAG**

- Ipinapaliwanag ng b.1-4 ang konsepto ng pagiging Punong Saserdote (o Punong Pari) sa tradisyong Judio: pinipili mula sa mga tao; kinatawan ang bayan sa harap ng Diyos.
- Mga tungkulin: Maghandog ng mga kaloob at mga hain dahil sa mga kasalanan; mahinahong pakitunguhan ang mga mangmang at naliligaw ng landas; maghandog ng hain sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan, ‘di lamang para sa mga tao kundi pati na rin sa kanyang sarili.
- Siya’y hinihirang ng Diyos (b.4).
- Ang Diyos ang nagtatalaga sa kanya.
- Ang Diyos na nagtalaga sa kanya ay siya ring nagtatakda sa kanya bilang kaniyang anak, pari magpakailanman...

### **IBAYONG PALIWANAG**

- Ang institusyon ng pagiging Punong Saserdote ay natapos na nang mawasak ang Templo ng Jerusalem (taóng 70 CE).
- Matagal na panahon na ang lumipas mula taóng 70 nang isulat ng may-akda ang liham na ito. Sa panahong ito, nabago na ang mga rabbi (guro) ng Judaismo samantalang malaki na rin ang ikinalago ng Kristiyanismo.
- Ginamit lamang ng may-akda ang larawan ng pagiging Punong Saserdote sa Lumang Tipan upang ipaliwanag ang pagiging Punong Pari ni Kristo.
- Tanging ang Liham sa mga Hebreo lamang ang tahasang kumilala na si Hesus ay Punong Saserdote. Wala nang iba pang kasulatan sa Bagong Tipan ang nagsasaad nito.
- Sina Anas at Caifas ang mga kilalang punong saserdote sa Bagong Tipan sapagkat sila ang mga punong saserdote sa panahon ni Hesus. Sa panahong Helenistico, si Onias III ang pinakahuling lehitimong punong saserdote.

Pinalitan siya ng mga gumapi sa mga Griyego, ang mga Hasmoneanos.

### **PAGNINILAY**

Inihahambing si Hesus sa punong saserdote ng Lumang Tipan.

Ang pagkapari ni Hesus ay nagmumula sa Diyos, tulad sa punong saserdote ng Lumang Tipan.

Ipinapakita ng tekstong ito ang halaga ng pagiging punong saserdote ni Hesukristo sa atin: Nag-alay siya para sa ating mga kasalanan, mahinahon siya sa ating mga makasalanan at nakibahagi siya sa lahat ng ating kahinaan (maliban sa kasalanan).

Bilang punong saserdote, si Hesukristo ay madaling maabot, malapitan, at nauunawaan niya ang ating mga kahinaan.

‘Di niya magagawang talikuran ang mga lumalapit sa kanya.

### **MABUTING BALITA (Mc 10:46-52)**

<sup>46</sup>NOONG panahong iyon, dumating si Hesus sa Jerico, kasama ang kanyang mga alagad at marami pang iba. Nang umaalis na sila roon, may naraan silang isang bulag na nakaupo sa tabi ng daan at namamalimos. Siya’y si Bartimeo, anak ni Timeo. <sup>47</sup>Nang marinig niyang naroon si Hesus na taga- Nazaret, sumigaw siya ng ganito: “Hesus, Anak ni David, mahabag po kayo sa akin!” <sup>48</sup>Pinagsabihan siya ng mga tao at pinatatahimik, ngunit lalo pa siyang nagsisigaw, “Anak ni David, mahabag po kayo sa akin!” <sup>49</sup>Tumigil si Hesus at kanyang sinabi, “Tawagin ninyo siya.” At tinawag nga nila ang bulag. “Lakasan mo ang iyong loob,” sabi nila. “Tumindig ka. Ipinatatawag ka niya.” <sup>50</sup>Iniwaksi niya ang kanyang balabal, paluksong tumayo at lumapit kay Hesus. <sup>51</sup>“Ano ang ibig mong gawin ko sa iyo?” tanong sa kanya ni Hesus. Sumagot ang bulag, “Guro, ibig ko po sanang makakita.” <sup>52</sup>Sinabi ni Hesus, “Humayo ka; magaling ka na

dahil sa iyong pananalig.” Noon di’y nakakita siya, at sumunod kay Hesus.

Tema: **Ang Pagpapagaling sa Lalaking Bulag**

### PAGPAPALIWANAG

- Ang bahagi ng Ebanghelyong nasa mga pagbasa ngayon ay pinamagatang “Ang pagpapagaling kay Bartimeo” o “Ang Pagpapagaling sa lalaking bulag.”
- Tingnan nating maigi ang mga kilos ng lahat ng tauhan.
- Si Bartimeo—namamalimos, sumigaw; nang mapagsabihan, ay lalo pang nagsisigaw; iwinaksi ang kanyang balabal, paluksong tumayo nang siya’y tawagin ni Hesus; nakipag-usap nang harapan kay Hesus; muling nakakita at sumunod kay Hesus; may pananampalataya kay Hesus.
- Ang madla (mga tao) ay pinagsabihan siya (pinapatahimik siya), siguro dahil na rin sa sila’y napapahiya sa ingay ng lalaking ito na wala nang pag-asa.
- “Huminto” si Hesus. Binigyang-pansin niya si Bartimeo. ‘Di niya ito ipinagpasawalang bahala. Inutasan niya ang kanyang mga alagad na dalhin sa kanya si Bartimeo; nakipag-usap siya rito at pinagaling ito.
- Sinunod ng mga alagad si Hesus; mukhang nakikiramay sila kay Bartimeo.

### PAGNINILAY

Mas mauunawaan natin ang Ebanghelyong ito kung papansinin nating maigi kung paano ito inilahad (ang mga kilos ni Hesus, Bartimeo, at iba pang mga tauhan).

Si Hesus ang bida sa kuwento. Kailangan nating bigyang-pansin ang kanyang mga ginagawa. Siya’y nagpapagaling.

Ang susunod na dapat nating bigyang-

pansin ay, siyempre, si Bartimeo. Napagaling siya dahil sa kanyang pananampalataya. Ipinakita niya ang kanyang pananampalataya sa pagsigaw ng kanyang kailangan bagamat siya’y pinagsabihan pa ng ilang mga tao. Lumapit siya kay Hesus at nakipag-usap sa kanya.

Ang pananampalataya ang daan upang makatanggap ng paghilom.

Gumagawa ng kababalaghan ang Diyos sa mga taong may pananampalataya.

Handa si Hesus na lumihis sa kanyang daan para lamang sa mga taong nais makisangkot sa kanyang paglalakbay.

Hindi ipinagpapaliban ni Hesus ang kanyang tugon kahit na ito’y ‘di naman bahagi ng kanyang mga balak.

## II. PAG-UUGNAY

Nag-iimbita ang Unang Pagbasa na magalak sapagkat ibabalik na muli ng Diyos ang kanyang bayan mula sa pagkakatapon. Ang Ikalawang Pagbasa nama’y nagpapahayag ukol sa pagiging Punong Pari ni Kristo. Ito’y nagmumula sa Diyos. At ang Ebanghelyo nama’y nagsasalaysay ng pagpapagaling ni Hesus sa lalaking bulag.

## III. SALAMIN NG BUHAY

1. Ngayon ay Linggo para sa mga Bilanggo.

2. Alalahanin mong muli ang sarili mong paglalakbay mula sa ‘di paniniwala tungo sa pananampalataya; mula sa kawalan tungo sa kasaganahan kay Hesus. (HM)

*(Pangwakas na Panalangin)*

- *Pagpapaliwanag: Fr. Cielo Almazan, OFM*

- *Isinalin ni Cl. Jhon Fred Caranzo, SSP*